Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-9 NG PEBRERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco.................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas................. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................ | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 021-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET NG BARANGAY SAN PABLO NORTE, PARA SA TAONG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANDAAN PITUMPU'T LIMANG LIBO DALAWANDAAN SIYAMNAPUNG PISO (P575,290.00).

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang taunang badyet ng Barangay San Pablo Norte na nagkakahalaga ng P575,290.00 at ito ay naaayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet ng mga barangay;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang hindi ito sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos ay ipinasya ng Lupons a Pananalapi na irekomendang pagtibayin ito ayon pa rin sa isinagawang pagwawasto ng Sangguniang ito.

**SAPAGKA'T,** anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sang. Barangay San Pablo Norte.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupinta na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison, Angelito U. Limjuco, Celestino D. Pamatmat at sa buong pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang taunang badyet ng Barangay San Pablo Norte na nagkakahalaga ng P575,290.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo
2/18/98

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan